

# LÓBO SA LOOB

MGA TULA

---

# NILALAMAN

Lóbo Sa Loob/3

Ang Dahilan Kung Bakit Nag-aaral  
Akong Magmaneho/6

Vocabulario/8

Abito/11

Eskapularyo/13

Traje De Boda/15

Ating Anting-Anting/16

Tatlong Mistiko

*Aral Tungkol Sa Gabing Madilim/17*

*Aral Mula Sa Mga Gagamba/19*

*Aral Mula Sa Mga Tinik/20*

Prosa Mystica I

*Parabula ng Kambing/23*

Nasa Loob Ang Kulo/27

Prosa Mystica II

*Parabula Ng Mga Baboy/30*

Ang Dahilan Kung Bakit Nag-aaral  
Akong Magdahilan/34

Anima Sola/36

# LÓBO SA LOOB

I.

Sinunggaban ng lóbo ang hari. Ibinaon ng hayop ang kanyang pangil at kuko—  
abot-buto, at kinain ang puso ng kanyang bihag.

Gumawa ng bitag ang mga kawal at nahuli ang salarin, pinakain ito ng palaso  
at pagkatapos sinunog. Mula sa apoy, lumabas ang kanilang hari.

II.

Naghuhukay ang lóbo sa parang. Hindi siya maaaring magkamali. Dito.  
Nakita niyang inilibing ng pastol ang patay na alaga.

Patuloy na lumalalim ang hukay at bumubula-bula ang kanyang laway.  
Pumapasok sa kanyang sentido ang amoy ng nabubulok na kordero.

Ngunit wala itong makita kahit isang hibla ng buhok: parang bombang  
sumabog ang kanyang magkakasunod na ungol.

### III.

*May lóbo sa loob ng tabernakulo.* Sabi ng diyakono kung kayâ nabitiwan niya ang mga konsagradong hostiya. Dahil sa natapon ang katawan ng Diyos, at sa sinabing pambihirang bisyon, lumigwak ang ilang haka-haka tungkol sa ministro: ‘Malamang sinasapian ng yawa ang kapatid natin.’

‘Nasa lahi na raw.’ ‘May kapatid itong nagpatiwakal sa dagat at naglakad daw minsang hubo’t hubad ang nanay sa poblasyon.’

‘Palibhasa taga-isla iyan.’ Pampalubag-loob ang ginawa ng kura para ipaliwanag ang nakitang lobo diumano ng kanyang diyakano.

Narito ang katalogo ng mga banal: ‘Dinidilaan ng mga aso ang ketong ni Lazaro.’ ‘May nakabuntot na asong may dalang tinapay ang kay San Roque.’

Asong may tala sa noo at may daso ang kasama ni Santo Domingo.’

‘Sa lóbo ang mukha ng dragon na kinakatay ni San Gregorio.’

‘May napaamong lóbo si San Francisco at ang mga lóbong ito ay ang angkang pinagmulan ng mga aso. Sagradong lóbo kung gayon ang nagpapakita sa parokya.’ ‘Hindi kayâ naguguluhan ka lang at kailangan mong magpahinga.’ Ang payo ng obispo. Tugon ng diyakano:

‘Paano ko maipagkakamali iyon, Mahal na Reberensya?

Hindi ba’t makatuwiran lamang na naroroon ang isang lóbo sa loob ng tabernakulo dahil nandoon rin ang mga pinakamaamong tupa, ang kordero ng diyos na mag-aalis ng mga kasalanan sa mundo?

Kayâ kailangan nating agarang iligtas ang buong kawan.’ At saka niya ipinakita ang ilang durog na hostiya na dinukot niya mula sa loob kanyang bulsa.

IV.

Nakaupo ako noon sa likod ng pulang traysikel  
papuntang Plaza Rizal nang biglang magkabuhol-buhol  
ang daloy ng mga sasakyan dahil sa paradang dumaan  
na may mga kasamang hayop na mascot, parang abuhing  
lobo. Namimigay pa ng mga lobong may imprenta ng mukha  
ng isang pilantropong tiyak na tatakbo.

Napamura ako sa loob ko.

Nang mapansin kong huminto ang kulay berdeng  
sasakyan ng Provincial Jail sa mismong tapat ko.  
Sa loob nito, may tatlong bilanggo ang nag-uusisa rin  
sa nangyaring paghinto. Malamang mula sila sa Tinambac  
at ililipat na sa Tinangis. Napatingin ang isa sa akin.  
Gumanti ako ng tingin. Kumurap kami nang sabay.

Ilang minuto pa, umarangkada na ang mga sa sasakyan.  
Sa loob-loob ko, ipinagkaloob sa aking makita  
ang itim na sarimaw ni Rilke.

# ANG DAHILAN KUNG BAKIT NAG-AARAL AKONG MAGMANEHO

Ipagkakanulo ko ang mundo kapalit  
ang tatlong tansan mula sa beer  
na ininom natin kagabi. Na maaaring  
pagtakhan mo ulit kung bakit nagtatago ako  
ng mga ganito. Kung makikita mo rin lang sana  
kung paano ko isinilid sa isang baul ang lahat  
ng mga resibo at mga pansamantalang mapa  
na ginamit natin minsang umakyat tayo  
sa isang tagong-bayan sa Hilaga.  
Matagal ko nang ipinapaalala  
sa sarili ko na wala na akong sedula  
pagdating sa ganitong pag-ibig:  
At malamang isipin mong naghahanap  
lamang ako ng mga talinhaga. Katulad  
nang minsang nakasakay tayo sa bus  
at nabanggit ko na higitang nakahiga't  
naghihilik ang tingin ko sa mga bundok.  
Tiningnan mo lang ako, sabay iniabot  
ang pamasahang natin, at pinagtatakhan ko pa rin  
kung bakit parang napangiti ang konduktor sa atin.

Siguro'y dahil saktong-sakto lang talaga  
ang ibinigay mong bayad para sa dalawa.  
At di na siya maaabala sa pagsukli.

# VOCABULARIO

Dumalaw sa kumbento kaninang umaga ang isang Cimarrona.

Dala niya ang isang dulay, laman ng tapayan ang tubig mula sa Vulcan de la Agua. Naalala ko ang isang kuwento sa ebanghelyo ni San Mateo—ang babaeng pagano at ang Panginoon sa balon ni Jacob. Akong ministro ng sagradong orden ang binisita ng babaeng hentil.

‘Hindi ako nauuhaw.’

Kulay uling ang kanyang alinawnaw at manubig-nubig ang mga mata. Pinatuloy ko ang babae sa silid kung saan nakatanghod ang imahen ng mahal na patron na San Francisco na may benda sa kanyang mga benditadong kamay.

Matamis ang tubig mula sa dulay. Ito ang tubig ng bagong buhay—banggit ng Cimarrona sa akin. Siyap ng ligaw na ibon ang kanilang salita. Binibigkas ito nang tila saglit na pinapatama ang dulo ng dila sa ngalangala. Mapalad kami sa kapatid na Fray Crisologo na pinag-aralan ang wika nitong mga bagong sakop.

Nalilibugan ako (por Dios y por Santo) sa mga salitang natuklasan niya sa mga salog na biko-biko at sa mga para-santigwar ng Magarao—

mga salitang naglalarawan ng iba't ibang pagtatalik ayon sa hugis ng buwan,  
hip ng hangin, timbre ng mga boses ng palaka at ang kapiyestahan ng kanilang  
mga paganong diyos mukhang pinagsamang ari ng dalawang lalaki (Kyrie eleison!)  
na minsang nilipol ng hukbong sandatahan at ng mga arkanghel sa langit.

Nangangamoy kalpi ang buhok ng Cimarrona at humahalo ito sa insenso  
at langis ng niyog sa altar ng Nuestra Señora de la Soledad, (Ora pro nobis!)  
Sabi ng Cimarrona— Akin na ang dulay at ipag-iigib niya ako ng tubig upang inumin  
sa susunod na semana. Mananaog siya mula sa bundok upang dalhin ang agwa bendita.  
Hindi ko matanggihan ang alok. Utog na utog ang kanyang suso  
katulad ng Isarog.

Nang araw na dumalaw ang Cimarrona, nanaginip ako ng mga salit-salitang  
Eksenang walang salita: Dinala akong muli sa mga disyerto ng Extremadura,  
nakita ang mga hitano ng Andalusia at ang mga bundok sa Granada at Toledo.  
Narinig ko ang mga bagting mula sa katedral ng Mehiko at muling nakipaglaban  
sa mga dambuhalang hayop nakita namin noon sa Patagonia. Natunaw  
ang mga halimaw nang inilabas ng hukbo ang Santisimo Sakramento.  
Hanggang sa marating namin ang ronang ito ng mga hentil na sinasamba  
ang isang bahay ng pagong, isang higitang buskay at ang matandang naga  
na nababalutan ng mga ugat ng balete, kung saan ipinatayong katabi ang kumbento,  
kapilya at kamposanto ng mga unang kapatid na misyonero.

Sa huling bahagi ng aking panaginip, muling nagpakita ang Cimarrona na dumalaw sa akin kanina. Humihingi na ito ng kapalit sa ibinigay na dulay at tubig. Nais niyang magkaroon ng simbahan sa pagitan ng kanyang dalawang suso at ako ang magpapatayo nito. Kailangang lawayan ko ang kanyang dibdib para maihanda ang nasabing sityo: Ligaw na ubas ang kanyang utong. Hiniling niyang maging kakulay ng lupa ang gagawing imahen: *pulang birhen*. Isang asong putol ang buntot ang kakatayin at gagawing pintura ang dugo sa imaheng ipapalilok sa mestisong Tsino na nasa Tabuco.

Sa kanyang mga binti nakasulat ang pormularyo ng dasal na babasahin o kakantahin sa tuwing babagyo, at pangatlong Sabado kada buwan, kung hindi darating ang malakas na lilindol o aatake ang mga peste. Hiniling niyang dilaan ko ang mga titik sa binti upang malasahan ang laman ng mga salita. Makabubuti sa iyong lalamunan. Hindi sila makikinig sa paos ang tinig.

Nasa akma ako nang pagkain ng huling mga nalalabing titik nang ginising ako ng sunud-sunod na salimbayan sa bubong ng kumbento. Dali-dali akong nanaog at hinanap ang ibinigay na dulay. Sinaid ko ang natitirang tubig upang lunurin ang pagkabalising dala ng hangin, pagkainip, at ng ganoong panaginip. Saglit na tumama ang dulo ng dila ko sa aking ngala-ngala habang pumupugad ang mga kikik sa matandang naga.

# ABITO

Batid ng monghe ang pagdating ng ganoong panaginip.

Pumapasok siya sa isang silid na may samyo ng pandan.

Noong una'y pakiwari niya'y isa itong mulinuhan

ngunit walang butil ng palay o apa sa sahig.

Sa adobeng pader nakasulat: Ibigay ang hilig.

Napapayuko ang monghe at isinisilid niya ang kanyang

mga daliri sa malalim na bulsa. Mahahawakan

niya ang kanyang ari na ngayon niya na lamang nasasalat:

isang umbok na laman, mga bulbol na nalalagas

at ang buhul-buhol na rosaryo na ibinigay ng isang kasama.

May ilang halinghing na nanggagaling mula sa itaas

sinasambit nito ang isang berso mula sa sagradong libro,

ngunit natutunaw sa dulo ang bawat bigkas ng salita.

Tumatagos sa isang guwang ang liwanag na tinatahak

ng mga papasok na anino. Kusang bumubukas ang pinto.

Matagal niya itong tititigan upang buuin ang anyo ng nasa labas.

Maraming ulo at nababakbak na pintura ang kanilang balat.

Isang hukbo na nasa akma ng pagsubo sa kanyang buong pagkatao.

Magkakasabay itong susulong sa paglusob. At dahang-dahang maninigas ang kanyang ari sa pag-abot nila: isang pamilyar na mukha ng kasama,

inaakay ang isang libong tupa. Sa bahaging ito, nagigising siya upang patayin ang bombilyang madalas niya nang maiwang bukas.

# ESKAPULARYO

Laging ito ang natitira sa tuwing mag-aalis ako  
ng damit at hubad na matutulog sa mga gabing  
mas malamig pa ang sariling hininga  
kaysa sa panahon na para bagang gusto kong  
tuluyang pumasok na sa loob ng sariling katawan.

Minsan, tinanong ako ng huling nakasiping  
kung anong kawing daw itong nakasabit sa leeg ko.  
Hindi ko siya pinansin. Sa halip itinuro ko sa kanya  
ang balat sa aking hita at doon ko ipinahanap ang sagot  
habang kagat ko ang dalawang piraso ng eskapularyo.

Matagal ko na rin itong tinangkang alisin,  
ngunit kinasanayan ko na ang kawalang lasa  
at ang maliit na timbang na naidudulot nito.  
Maghihintay na lang muli ako ng makakasiping  
na ang unang papansinin ay ang balat sa aking hita.

At hindi siya magtatanong ng kung anu-ano  
dahil nababalisa ako sa mga mausisa.

Kusa siyang maghahanap ng sagot

na parang marahang ahas na gagapang paakyat  
upang buwagin ang tali ko sa leeg.

Maaaring magalit ako at bigla na lamang ipagtabuyan  
ang katalik sa biglang pagkawala ng banal na hagkus  
o baka muli akong makatulog sa gaan ng pakiramdam  
ng walang inaalalang mga alintana o alaala ng parusa  
maliban sa tahimik na halik sa aking napapangas na noo.

# TRAJE DE BODA

Nadama niya ang matinding init sa loob ng abito.

Dinadarang ang kanyang buhok at nangangamoy ito—  
nang parang bigla siyang binuhusan ng malamig na tubig  
na parang lasing na kailangang maimsawan at makabalik sa sarili.

Nakita niya ang isang gusgusing bata—Hindi ito anghel  
na maaaring magdala ng balita ng pagdadalang-tao.  
May batubalani itong hawak at iniabot sa kaniya—  
Nagsalita ang paslit: susi sa inferno.

Kinuha ito ng mongha at agad na nabuksan ang isang lagusan,  
sinalubong siya ng mabining liwanag at parang may pumana  
sa kanyang puso patungo sa kanyang matris. Walang demonyo  
o kaluluwang sinusunog—tanging isang talon lamang ang naroroon.

Malakas ang ragasa ng tubig, 'sing puti ng traje de boda  
at parang mga bagong bigas itong lumalabas sa mulinuhan.  
Pumasok siyang nakabuka ang kanyang kamay—  
binasa siya ng kakaibang init at dalisay na pag-iisa.  
Dito nag-iigib ng tigib na kalungkutan.

## ATING ANTING-ANTING

Sabik na ibinalita ang pangalan ng mga nanalong Anghel Para Sa Muling Pagkabuhay. Dalawang anak ng doktor, isang abogado at ng isang seaman ang mahigpit na naglaban-laban. Tatlong milyon ang kabuang pondong nalikom ng dalawampung kalahok. Sa tradisyon, isa lamang ang maaaring manalo na siyang hahawi sa belo ng pagluluksa ng Dolorosa. Mula sa hugis puso ng saging na nakabitin sa may kastilyo, lalabas ang pinakananalo. Aawitin niya ang Alelluia para sa nag-aabang na madla at sa pagtatapos ng himno, saka niya alisin ang itim na ginansilyong nakalambong sa imahen ng inang nagluluksa. Sasabihin niyang, huwag nang mabalot ng lungkot sapagkat buhay na ang kanyang anak. Hindi mahalaga kung nasa tono. Hindi mahalaga kung magkamali-mali. Ang mahalaga may napiling mga anghel. ‘Matagal nang ipinanata ang mga batang iyan.’

Naririto na ang lahat, ang kura’t alalay, ang hermano at hermana mayor, ang mga parokyano at mga magulang, ang mga imahen ng mag-inang Kristo at Maria. Gising na gising na rin ang mga bata. Hinanda na sila kahapon para sa ganitong beatipikong eksena. Sinanay sa taas at pagkalula at sa higpit ng tali. Nakahanda na ang binayarang hahawak sa kawayan at lubid. May tali na sa baywang ng bata. May mga inihandang tsupon ng gatas sakaling may umiyak sa kanila. Sa pagbubukas ng puso ng saging, mapapatingin ang lahat sa mananaog na anghel, at sa kanyang kulay pilak na mga pakpak, sa dagitab ng kanyang damit, at mapupuno ang paligid ng samyong ipinampaligo sa kanya para maging kasingbango ng mga imahen. Huwag sana siyang matatakot o maiyak at magawa niyang tuparin ang pag-awit para sa Dolorosa. Para ito sa lubos na biyaya at pagpapala. Pakinggan ang masigabong palakpak. Sa pagbaba, may mga mag-uunahang makahawak sa pakpak. Siya ang bagong anting-anting at ang kanyang kabagsikan ay may taglay na bisa lamang hanggang sa hindi pa siya muling nakatatapak sa lupa at hinahawakan ng sinumang mortal. Naghihintay ang kura na magmano sa kanya ang mga bata.

# TATLONG MISTIKO

## I. Aral Tungkol Sa Gabing Madilim

*'Oh noche que guiaste!  
!Oh noche amable mas que el alborada!  
!Oh noche que juntaste  
Amado con amada,  
Amanda en el Amado transformada!'*

*- San Juan de la Cruz, 'Noche Oscura'*

Lantang hasmin  
ang isinabog sa aking panaginip.  
Ngunit nang magising, amoy  
bulok na kamatis ang simoy  
nitong gabing naglalandi  
ang mga bituin.

Marahil nagtatalik din sila—  
Saksakan ng libog siguro ang mga tala.  
Ginawa silang ganito upang manganak  
nang manganak ng mga purong liwanag,  
na sa ati'y magbibigay direksyon  
tayong mga matiyayang nagmamatyag  
kung nasaan ang kanlungan ng hilaga  
o ang silangan ng timog. Tayong  
nakikiramdam sa hangin.

Ngayong gabi, muling pumapasok  
ang hamog at humihimlay sa aking noo.  
At sa labas, ang mga katedral at kastilyo'y  
mistulang mga pasong pusporo—  
ako nama'y naririto sa isang moog  
na di makabog-kabog: isang bihag  
ng higanteng paniniwala.

Inaamin kong naghihintay  
ako ng manunubos na ganap  
na susupil at lulusaw sa mga aninong  
nakapaligid sa akin. Isang kisapmata niya  
lamang at mapaparam na ang nakapaligid  
na dilim. Mapapawi ang agam-agam  
na tuwinang lumulukob sa aking  
walang hanggang pagkadismaya.  
Isang salita niya lamang at ang katawan  
ko'y papaimbulog, at yayabong akong  
katulad ng balete, magnanaknak  
kasing dami ng mga kabuteng  
ulam ko, araw-gabi.

Ay! unti-unti nang humahaba  
ang aking buhok—ito ang magiging baging  
para sa lalaking magiting.  
At maghihintay ako nang maghihintay  
sa kanyang banal na pagtawag sa akin,  
upang sa ganun tuluyan ko na itong mailugay.

## II. Aral Mula Sa Mga Gagamba

*'Nada te turbe  
Nada le falta  
quien a dios tiene  
sola dios basta.'*

*- Santa Teresa de Avila, 'Nada te turbe'*

Huwag mabahala.

Huwag magambala.

Mag-asal gagamba  
na matiyagang sinusulsi  
ang kanyang balay.

Kunin ang susi ng pagtitimpi.

At buksan ang tarangkahan  
para sa pagdating

ng hintay na dalaw.

Ipagpatuloy

ang mga gawaing bahay.

Magtipid ng laway.

Laway lamang ay sapat na.

Laway lamang ay sapot na.

### **III. Aral Mula Sa Mga Tinik**

*Seigneur, faites de moi un instrument de votre paix.*

*Là où il y a de la haine, que je mette l'amour.*

*Là où il y a l'offense, que je mette le pardon.*

*Là où il y a la discorde, que je mette l'union.*

*Là où il y a l'erreur, que je mette la vérité.*

*Là où il y a le doute, que je mette la foi.*

*Là où il y a le désespoir, que je mette l'espérance.*

*Là où il y a les ténèbres, que je mette votre lumière.*

*Là où il y a la tristesse, que je mette la joie.*

*-Buhat diumano kay San Francisco de Asis ang dasal  
na ito na unang lumabas sa wikang Pranses.*

Kapatid na mga halaman,

angkinin ninyo ang aking laman.

Sa bawat butas ng aking kublit

itarak ang inyong mga tinik.

Padaluyin sa akin

ang inyong kapayapaan at  
pag-unawa, sipsipin  
ang nalalabing nasa at lumbay.

Turuan ninyo akong magpatawad  
tulad sa kung paano ninyo di iniinda  
ang pagbali sa inyong tinik, pagbkbak  
sa balat o ang pagpitas sa mga bubot na bulaklak.

Nawa'y magpatuloy akong huminga  
katulad ng inyong mga sanga.  
At maangkin ko ang karupukan,  
bilang pangangailangan, sumagad  
man ito sa ulirat, o umabot  
sa pinakadulo ng ugat.

Bago man sana ako mautas,  
ganap sana akong maging hinog  
na bunga: isang makatas na prutas.

Kung sasapitin ko na ako'y mapipitas,  
kakainin ng isang may masamang budhi  
huwag mo na akong iadya, hinihiling kong

iluwa na lang niya sana ako—lahat  
ng aking binhi sa naghihintay na lupa.  
At ipinapangako ko, tutubo ako  
bilang isang matinik na halaman—bago,  
sa lilim ng saganang sikat ng mga kapatid  
na araw at buwan, at maghihintay rin ako  
ng mga panibagong handog na katawan:  
silang nais ring maging pilapil  
ng iyong biyaya't paglingap.

Sa ganitong paraan nais kong magwakas  
at mapakumbaba akong papaloob sa siklo  
ng paghahalo ng balat sa tinalupan.

# PROSA MYSTICA I

## Parabula ng Kambing

Inihanda na ang alagang hayop. Hindi na mahalaga kung sino ang nag-alaga kung kayâ hindi na rin kinuha ang pangalan nito ng eskribano na siyang nakatalagang mangasiwa sa buong ritwal. Hindi nga rin tiyak kung inaalagaan nga talaga ang nasabing hayop. Basta ang mahalaga naroroon ito at walang pakiwari sa kung ano ang nakatakdang maganap sa umagang iyon.

Dumating ang hari at reyna sakay ng karwahe hila ng mga higenteng hayop na hitsurang lukton. Naroroon din ang mga kawal at ang buong taumbayan. Ginagawa lamang sa loob ng isang taon sa bukana ng bayan, ang nasabing ritwal bago ang ikalawang pamimilog ng buwan at ang paglitawan ng mga kakaibang bulaklak sa parang kung saan bago ito sumibol, madalas na makita ang mga ligaw na tupa, kambing at paminsan-minsan naliligaw din dito ang mga baboy na hindi rin nila pinapansin dahil sa paniniwalang mga naparusahang anghel ang mga baboy. Subalit minsan may isang ketongin na humuli, kumatay at kumain ng nasabing hayop. At balitang may ilang tao sa kaharian na kumakain na rin ng baboy mula nang makita nilang nagpipiyesta ang ketongin. Lasang anghel daw ang laman ng mga hayop. Ngunit hindi tungkol sa baboy ang parabulang ito.

Hila-hilang inilabas ang kambing sa kanyang hawla. Katulad ng ibang kambing naging maingay din ang nasabing hayop dahil na rin sa pangangaladkad ng kawal. Sa ritwal na ito, pamumunuan ng eskribano ang panimulang panalangin para sa kapatawaran ng kasalanan ng buong bayan. Ito ang taunang pampublikong pangungumpisal.

Kinakailangang lumahok sa nasabing ritwal ang lahat ng mamamayan ng lungsod, simula sa edad na pito hanggang pitumput-pito. Ang mga wala na o wala pa sa edad ay hinahayaan na lamang na magsunog ng kamangyan at mag-alay ng isang dosenang itlog ng pugo sa templo. Ang mga magulang naman ang nag-aalay para sa kapatawaran ng kasalanan ng kanilang mga anak na wala pa sa hustong gulang upang lumahok sa kumpisal ng bayan.

Sa pag-usal ng mga dasal, lumakas ang ihip ng hangin at tinangay nito papasok ng bayan ang mga buhanging nagmumula sa disyerto— dito nila itinataboy ang alay na hayop upang gumala at maligaw at sa kalauna'y inaasahang mamamatay sa gitna ng pag-iisa kasama ang lahat ng kanilang mga kasalanan.

Unang lumapit ang hari sa kambing, na para sa ritwal na ito'y nagsuot ng sako ng abono at naglagay ng abo sa kanyang ulo. Lumapit at lumuhod

ang hari sa harapan ng hayop, na walang muwang na ang kataas-taasang pinuno ng lungsod ang naninikluhod sa kanya. Pinigilan ng ilang kawal ang nagpupumiglas na hayop na tila isang dalagang nagpupumiglas sa pagkakahilata sa isang batong altar.

Sa kaliwang tenga ng kambing, ibinulong ng hari ang kanyang mga kasalanan. Inabot ito ng limang minuto. Agad na tumayo ang hari pagkatapos ng pagbuyboy at nakayukong tinungo ang karwahe habang nakalagay ang kanyang kaliwang kamay sa kanyang dibdib. Sumunod naman ang reyna na para sa okasyong ito ay nagsuot ng itim na belo. Sa araw na ito, may ilan pang ginawang penitensya ng reyna. Napansin ng taumbayan na hindi ito nagsuot ng sapatos sa kabila ng balitang may isang silid ito na puno ng mga bulawan na sandalyas.

Nang umagang iyon, nakayapak itong naglakad patungo sa kambing. Samantalang napansin din ng mga kawal na hindi gumamit ng anumang pabango ang reyna na balitang naliligo sa pinaghalong gatas, tubig mula sa natunaw na niyebe ng isang bundok, katas ng mga rosas at iba pang mamahaling samyo na regalo sa kanya ng iba pang pinuno.

Katulad ng hari, ibinulong din ng reyna ang kanyang kasalanan. Kanang tenga ng kambing ang nakalaan para sa kanyang pangungumpisal. Inabot ng anim na minuto ang reyna. Ngunit sa totoo lang, tatlong minuto lamang siyang bumulong ng kanyang mga itinuturing na kasalanan. Halimbawa, ang pagkalimot niyang magsuklay at magsepilyo.

Nagkunwari na lamang siyang nagbubuyboy hanggang sa makaabot ng anim na minuto. Nakahihiya kasi na mapansin na mas makasalanan ang hari kaysa sa kanya. May ilang kawal at ilang babaeng alalay ang nagsabing hindi raw sinabi ng reyna ang lahat ng kasalanan nito dahil dapat daw ay buong araw itong nakaluhod at kulang ang sampung kambing para sa lahat ng kanyang kasalanan. Nag-aamoy alimuom na ang paligid. Sinasabing ito raw ang amoy ng kasalanan ng kanilang mga pinuno.

Pagkatapos ng anim na minuto, tumayo ang reyna kasabay ng eskribano na siyang naghatid sa reyna patungo sa karhawe kung saan naghihintay ang haring nakayuko pa rin. Sa pagtapos ng pangungumpisal ng kanilang mga pinuno, ang taumbayan, ang mga kawal at ang babaeng alalay ng reyna ang sunod na magsasabi ng mga kasalanan. Ngunit hindi ito gagawing pabulong. Tanging ang mag-asawang pinuno lamang ang may karapatan na gawin ang nasabing akto sa ganoong pamamaraan.

Pakakawalan ng eskribano sa pagkakatali ang kambing at dahan-dahang isasatinig ng lahat ang kanilang iba't ibang kasalanan, habang itinataboy ang kambing palabas sa kanilang bayan patungo sa disyerto. May mga

magsisimulang magpukol ng bato sa kambing na sa ilang pangyayari'y nagmistula na ring bato ang hayop. Hindi na ito gumalaw kahit anong pilit na pagtataboy. Kayâ minsan, inisip na lamang nilang sunugin ito mula sa hawla. At itapon palabas ng lungsod. Ngunit ayon sa isang pantas, mahalagang mailabas ang labi ng kambing. Hindi kailangang manatili ang kasalanan sa kanilang gwardyadong teritoryo.

Sa maraming pagkakataon, hindi na nakalabas pa ng buhay ang kambing sa bayan dahil nasasapol kaagad ito sa ulo. At katulad ng nakatakda, itinatapon na lamang ito sa disyerto. Noong nakaraang ritwal napatay kaagad ng isang kawal ang alay na kambing kahit hindi pa nauubos na sabihin nang marami sa taumbayan ang kanilang mga kasalanan. Balitang nakiniig ang asawa ng kawal na iyon sa isang bana mula sa ibang bayan at kaya ibinunton sa kambing ang galit sa kanyang karibal. May ilang nagagalit kung namamatay kaagad ang kambing dahil nangangahulugan daw ito ng kamalasan para sa mga negosyo ng kaharian. Dahil hindi lahat ng kasalanan ay naipapasa sa hayop. Ngunit mas marami ang natutuwa dahil maagang matatapos ang taunang suanoy na ritwal.

At dahil sa napakaraming, sabay-sabay na tinig ng mga kasalanan, wala ring naiintindihan ang dalawang pinunong nag-aabang sa mga kasalanan ng taumbayan. Lalo na ang haring nagbabalak sanang ilista ang mga kasalanan ng kanyang mga kawal at ang reyna naman sa kanyang mga babaeng alalay. Maging ang eskribano'y wala ring nauunawaan. Ito rin sana ang okasyon ng mga pinuno na malaman ang mga lihim ng kanilang nasasakupan, subalit wala ni isa man na kasalanan ang nakakalusot sa kanilang mga tengang may pagkahawig na rin sa kambing.

Sa pagpapatuloy ng ritwal, isang napakalaking halimaw na umuungol mula sa kailaliman ng kuweba, isang baliw na unos, o sigaw ng lehiyon ng mga pinalayas na anghel ang nalilikhang tunog ng pinaghalu-halong tinig ng mga kasalanan. Samantalang di magkandatoto namang tumatakbo ang kambing palabas sa bayan, palayo sa mga makasalanan. Gamit ang nalalabing lakas kumakaripas ang kambing palabas sa lahat ng iyon.

Kapag tuluyan nang nawala sa kanilang paningin ang kambing dahil sa palagay nila'y kinakain ito ng mga buhanging naghuhugis alon na may kuko't pangil, sa disyertong kasing lawak ng pitong karagatan— isa-isa nang magsisipag-uwian ang lahat papasok sa kanilang bayan. Buong araw silang mamamahinga at patuloy na mag-aayuno.

Habang sa gawing silangan ng disyerto, may isang bayan din ang nagsasagawa ng isang mahalagang ritwal. Isang liturhiya, isang paghihintay at pag-aabang, kung saan ang kambing ang pinapaniwalaan nilang sugo ng kanilang diyos. Sa bayang iyon, walang nakakatiyak kung saan nagmumula ang mga naliligaw na kambing na ito. Mga kambing na

dumarating na hapong-hapo. Sugatan. Mga kambing na kailangang iligtas sa tiyak na kamatayan. Ang kambing ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng isang kaharian ay inaabangan katubusan sa isa nasabing bayan.

Hindi sa lahat ng kanilang adbyento, may dumarating na kambing kung kayâ ganoon na lamang ang kanilang pasasalamat sa pagkakataon na may marinig na tinig ng kambing o kaya'y makakita ng gumagalaw na aninong may sungay. Kapag dumating ang kambing itinuturing nilang parang ang kanilang diyos ang bumisita, dahil mula sa sugong ito'y kukunin nila ang gatas at keso, dalawang bagay na pinaniniwalaan nilang kaloob ng kanilang diyos, na nananahan sa pusod ng disyerto, sa pinagmamasdan at nakatunghay na kawalan.

# NASA LOOB ANG KULO

Nagsipagbabaan na ang mga naunang pasahero.

Dismayado ang ilan dahil sa tatlong ikot lang  
ang inabot ng kanilang bente pesos na bayad.

Buong akala nila'y limang beses silang papasok  
at liligid sa arkiladong silid ng katatakotan.

Kaya nagbubulong-bulongan at nagpasaring  
na hindi naman daw nakakapangilabot  
ang mga nasa loob. Hindi sulit.

Ilang minuto lamang at muling  
rarangkada ang tren. Hanggang trenta  
ang maaaring pasakayin kaya nakikipagsisikan  
pa rin ang ilan: Papasok ang de-krudong sasakyan  
sa mala-kuwebang yari sa yero habang pinatutugtog  
ang mga magkakasunod, naghahalo-halong  
ungol ng mga ungló, hagikhik ng bruha  
at iyak diumano ng tiyanak.

Unang pinasakay ang mga bata:  
sa kanila rin ang kaharian ito.

May ilang binatang pansamantalang

hinawakan ang kamay ng kanilang nililigawan.

Hindi naman kumibo ang mga dalaga.

Nang ganap nang tumunog ang busina,

nag-antada ang mga matatanda.

Bago ang ganap na pagrangkada,

agad-agad na bumalik sa kanyang puwesto

ang white lady kahit hindi pa siya tapos umihi

hatak-hatak ang kanyang anim na taong gulang

na anak na tumatayong duwende.

Pasuray-suray naman ang bagitong tikbalang

dahil lasing itong umuwi kagabi matapos malamang

tuluyan nang nasetante ang kursunadang manananggal

matapos mabuntis ito ng kumpareng kapre.

Sa pagpasok sa loob, kailangang maramdaman

ng mga pasahero ang kakaibang kaba at takot,

na para bagang kinakalkal ang kanilang mga lamang-loob—

sa gayon maaari nilang sabihing nakakatuwa

ang kanilang engkwentro sa mga lamang-lupa.

Bago tuluyang patakbuhan ang tren,

nagbigay babala ang drayber:

Bawal saktan ang mga aswang sa loob.

# PROSA MYSTICA II

## Parabula ng mga Baboy

Matagal na panahon na ang umiiral na ang katumbas ng mga baboy ay pagiging marumi o makasalanan, na maging sa banal na kasulatan ay nakasulat sa isang kapitulo kung paano pinarusahan ng Dakilang Maestro ang mga demonyo at itinaboy ang mga tampalasang anghel patungo sa mga baboy.

Kailangang matubos ang mga baboy. Kung kayâ, naisip ng maestro na magpahanda ng isang engrandeng hapunan para sa kanyang lalo pang dumaraming alagad. Isang libong baboy para sa lahat. Pinadagdagan niya pa ng limang daang kakataying batang baboy lalo na nang magpasabing dadalo sa kanyang piging ang mga pinuno ng bayan, ang mga sundalo at ang karibal na punong saserdote na paborito di umano ang lechon de leche.

Kasabay ng piging para sa katubusan ng mga baboy ang selebrasyon ng ikalimampung anibersaryo ng maestro sa kanyang pangangaral ng pinakabagong nagbabagang mabuting balita. Sa katunayan, siya pa rin ang kinikilalang pinakamakabagong propeta ng panahon, dahil lumalabas na nahigitan niya na sa kasikatan ang lahat ng maestro na nagturo ng pinakabagong nagbabagang balita sa huling limang dekada ayon sa pinakahuling labas ng survey ng Pulso ng Iglesia.

Sa araw ng piging, inilabas ang iba't ibang uri ng luto ng baboy. Pangunahing handa ang mga lamang-loob na sinasabing nakapagpapabago ng loob dahil na rin sa testimonya ng sampung puta na simula nang mamulutan sila ng tsitsarong bulaklak ay narinig nila ang pagtawag sa kanila ng maestrong hinihingi ang bulaklak ng kanilang mga kaluluwa. Dalawa sa sampung puta ang balitang naanakan ng maestro.

Siksik, liglig at umaapaw din ang dinuguan at sisig na balitang paboritong kainin ng kanyang mga alagad na may kanya-kanya na ring disipulos sa bawat sulok ng nagkakaisang bansa. 'Nilitson sa impierno ngunit lasang langit.' Ganito ang pagpapakilala ng isang kusinero na naatasang tumuklas ng iba't ibang sarsa para sa tatlong daang baboy na nilitson din sa iba't ibang paraan.

Sa kanyang hapunan, dumating ang halos lahat ng uri ng tao para tikman ang mga luto niyang ipinahanda. May mga nagduda sa imbitasyon ng maestro lalo na ang mga kapwa niya alagad ng paniniwala. Malamang kaning baboy ang kanyang ihahanda at magiging okasyon ito ng magdamagang babuyan. Binigyang diin ng isang kaaway na panatiko na hindi nga dapat kinakain ang baboy dahil dito sumapi ang demonyong

pinalayas ng Dakilang Maestro. Ngunit may kontra-diskurso na ang maestro sa ganitong mga paratang. Sinipi niya mismo ang Dakilang Maestro na nagsabing hindi ang ipinapasok sa katawan ang nagpaparumi sa tao, kundi kung ano ang kanyang inilalabas o sinasabi.

Nang marinig ang siping ito, natakot naman ang ilan sa kanyang mga alagad na magbawas o tumae, dahil na rin sa naunawaang kaakibat na pagkakasala ng paglalabas. Agad namang ipinaliwanag ng maestro ang ibig niyang sabihin. Na hindi bawal ang tumae. At para patunayan ang kanyang sinasabi, nagkuwento siya tungkol sa isang santa na nang tumatae ay bigla na lamang nagpakita ang demonyo at naningil ng buwis. Nang magpakita ang demonyo sa banal na babae, hindi man lamang ito kinabahan o nagitla. Sa halip, matalinong sinagot nito ang demonyo na ang buwis na ibabayad niya raw ay ang kanyang dumi. Agad na kumaripas ng takbo pabalik sa impyerno ang demonyo dahil sa naging sagot na ito ng santa. ‘Matatakot sa tae ng banal maging ang demonyo.’

Mabilis na lumalaganap ang sinasabi ng maestro dahil na rin sa kanyang labing dalawang estasyon ng radyo at telebisyon kung saan bawat araw, sa ganap na ikatatlo ng hapon, lumalabas at napakikinggan ng buong kapuluan ang kanyang programang “Delubyo”.

Simula nang marinig ng kanyang mga tagasunod ang kuwento tungkol sa santang pinakitaan ng demonyo, inipon na nila ang kanilang mga tae. Maging ang dumi ng iba pang hayop na inaakala nilang sagrado, inihalo nila sa kanilang mga sinasakang lupain na lalong nagparami ng kanilang ani, na labis namang ikinagalit ng isang pinuno na siyang nagbebenta ng abono sa mga magsasaka. Samantalang ang mga eskultor naman ng mga imahen ng mga banal ay hinaluan ng tae ang kanilang mga lilok. At higit sa lahat, ang tae ng maestro ang pinakamahal na relikwaryo na wala pa raw ang nakakukuha ayon sa kanyang mga pinakamasugid na alagad. Dagdag pa ng alagad, na nakapagagaling daw ng mga karamdaman sa balat ang tae ng maestro.

Ilang araw bago ang hapunan, nag-atas ang maestro sa kanyang mga alagad na kinakailangang bawat isa’y magbihis baboy at mag-astang baboy sa piging na kanyang ipahahanda. Piyesta ng mga Banal na Baboy. Marami namang politiko ang nagpahayag na sila’y dadalo dahil na rin sa balitang iaanunsiyo na rin ng maestro ang kanyang napupusuang kandidato para sa susunod na eleksyon.

‘Ano ang pagpapakababoy? Nagbasa ang ilan ng mga sanaysay na sinulat ng mga pilosopo tungkol sa esensya. ‘Magsusuot bang ala-baboy?’ ‘Ano ang inspirasyong dumating sa maestro? Di kaya’y nabasa niya ang Animal Farm ni George Orwell?’ ‘Anong regalo ang dadalhin upang igawad sa

atin ang bendisyon?’ Ito ang ilan sa mga katanungang lumaganap sa sirkulasyon.

At dumating ang itinakdang araw, maagang nagsidatingan ang mga alagad, ang mga pinunong tumatakbo sa papalapit na eleksyon, ang mga taga-media, ang ilang miron. Matingkad ang kasuotan ng maestro katulad ng mga damit niyang isinusuot tuwing oras ng Delubyo. Nilapitan siya at kinamayan ng ilang mga pinuno at mga sundalong hindi nakatiis na magpakuha ng retrato sa kanya, dahil balitang inilalagay na rin ng ilang kawal sa kanilang mga munting altar sa kampo ang retrato ng maestro. Hindi raw pinugutan ng mga kalabang bandido ang isang nahuling sundalo, nang makuha mula sa kanya ang retratong kasama niya ang maestro.

Tuluyang nag-amoy baboy ang buong paligid dahil unti-unti na ring inilabas ng mga kusinero ang kanilang inihandang isang daang putaheng baboy. Iba’t ibang samyo at kulay ng mga handa. Maging ang mga kendi at tsokalate ay hinulmang hugis baboy na unang ipinamigay sa mga batang naroroon. Ilang minuto lamang ang lumipas nang tuluyang mapuno ang templo.

Ilang sandali pa, kasabay ng pagpapaputok at pagpapatugtog ng “Awit Ng Arko ni Noe”, lumabas ang maestro sa entablado na nakasuot ng maskarang baboy na may mga palamuting brilyante na kapag tinatamaan ng ilaw ay nagbabago-bago ang kulay. Mula sa pagiging pula hanggang sa maging kulay kahel, dilaw na nagiging berde at asul na nagiging lila. Mistulang balat ng hunyango ang maskara ng maestro. Nagsipagtayuan ang lahat pati mga pulitiko. Pumalampak sila at ang ilang mga deboto’y di nakatiis na sumigaw ng kanilang papuri sa Diyos. May ilang dalagang napaiyak at hindi na ininda ang pagsaling sa kanilang suso at puwit ng ilang hagbayon at matandang lalaking naroroon.

Nagsimulang magbasa ang maestro ng ebanghelyo mula sa banal na aklat. Nanaog ang maraming anghel na nagpatahimik sa lahat—Makapangyarihan ang matinis na tinig ng maestro: ‘Hindi lamang sa salita nabubuhay ang tao.’

Hindi pa niya natatapos basahin ang parabula ng kambing nang biglang nabuwal ang maestro. Mistulang baboy itong sinapian ng pinalayas na demonyo sa ebanghelyo ng Dakilang Maestro. May mga alagad na nagbalak na tumawag ng ambulansya at doktor, subalit inakala nilang kasama lamang sa pagtatanghal ng maestro ang lahat. Kung kayâ pinabayaan lamang nilang mangisay ang maestro na tila sumasayaw pa sa entablado habang pasuray-suray. May hindi nakatiis na pumalampak, may nagsisisigaw ng “Delubyo”, kung kayâ sumunod na rin ang lahat upang palakpakan ang maestro. Muling pinatugtog ang isang kantang paborito ng

maestro na inawit pa ng isang Latina. Namangha ang mga politiko sa estilo ng pagpapahayag ng maestro, kung paano niya binibigyang buhay ang nakasulat sa ebanghelyo. Hanggang sa tuluyang bumulagta ang maestro sa entablado.

Agad na ibinaba ang pulang tabing. Isinara ang mga nagbabagang ilaw. Napatayo ang ilan sa unahan, na muling inakala ng mga nasa likuran na isang tanda ng paghanga sa maestro. Kung kayâ sunud-sunod na nagsipagtayauan na rin ang lahat sa likuran at pinakawalan nila ang magkakasunod at nakakalunod na palakpak. Tila itinataboy nila ang milyong-milyong uwak na lumukob sa buong templo.

Ilang minuto bago muling dumating ang liwanag. Nang muling buksan ang tabing sa entablado, napatingin sila sa kawalang nakatitig sa kanila: wala na ang maestro. Inanunsyo na maaari nang simulan ang pagkain sa mga lutong baboy na ipinahanda ng maestro. Dito, naglahong parang bula ang mga anghel ng katahimikan, dahil pinakawalan na ng mga tao ang lahat ng kanilang mga nais sabihin, mga salitang bumubuhay sa kanila, mga salitang umalagwa at bumaha, mga salitang kinain nila sa hapunang iyon na inihanda sa katubusan ng mga baboy.

Habang sa loob ng isang ambulansyang sira ang sirena, patuloy pa ring bumubula ang bibig ng maestro, nangingisay, may pilit na sinasabi.

# ANG DAHILAN KUNG BAKIT NAG-AARAL AKONG MAGDAHILAN

Mahigpit ang kapit sa bagong talas na lapis.

Sinasanay ang panganay sa pagbaybay

ng kanyang tatlong pangalan—mula ito

sa kanyang mga lolo at sa pinaglihiang santo.

Pilit niyang tinatandaan ang bawat titik. Mariin

ang guhit. Nasa bingit ng pangangawit.

At sumasaglit ang takot sa isip.

Nagsisimula sa tuldok— Tinatawid niya

ang tila napakalayong pagitan ng mga tuwid

na linya ng papel: asul sa asul, pula sa asul.

Dahan-dahan niyang binibigyang hugis

ang kahulugan ng sariling binyag.

At bumibigat ang kanyang balikat

sa bawat bakat ng waring pagtitiktik

sa papel. Nakakahinga lamang

nang maluwag ang bata dahil hindi

niya kailangang isulat ang buong

apelyido ng kanyang ina—nagsasalabid

ang bawat buntong-hininga.

# ANIMA SOLA

I.

Pakpak ng paru-paro,  
talulot ng bulaklak  
maselang kinikilala  
ng nagbabalat-  
sibuyas  
na hangin.

II.

Masusing pinag-isipan ko  
ang pagpasok sa laberintong ito.  
Sa gitna—ang pinagpatong-patong na bato.

Maaaring maupo rito  
o suyurin ng tingin  
ang napagdaanang adbentura  
na parang isang barbaro.

Dito

wala nang minotauro

o espinghe na kailangang

sagutin ang bugtong:

“Hindi ka masisila.

Hindi ka mawawala.

Maaaring magpakawala

lamang sa loob.”

Madali lamang ang naging

paggalugad sa buong disenyo.

Paglabas—dalawang paru-paro

ang palipad-lipad.

Ginagalugad

ang namumuong laberinto

sa kaloob-looban ko:

isang hardin.

III.

May tumabing tutubing-

karayom sa akin.

Kung noon, agad kong bubugawin ito,  
o di kaya nama'y huhulihin upang  
mapaglaruan katulad ng salagubang —

hanggang sa pinagsabihan akong  
mga paring pinugotan ng ulo  
noong panahon ng mga Hapon  
ang mga nasabing insekto.

At nagpaparamdam ito sa atin:

Humihingi ng dasal.

Nagdadasal na kaya ako

sa lagay na ito? Habang

sa isip, patuloy kong pinagsasakto

ang tugma at sukat

ng kasunod na berso.

Ilang minutong naglagi  
sa aking tabi ang aking dalaw,  
hanggang sa muli itong lumipad,  
saklot papalayo ang aking ulo.

IV.

“May nagtatalik na tuko sa puno.”  
Walang kagatul-gatol kong idineklara,  
pabulong, sa isang kasamahang pumasok  
din sa limang araw na ito ng pananahimik.

Hindi siya umimik. Ni hindi kumibo.  
Iniwasan ang aking mga mapanundyong tingin.  
Tiyak, ayaw niyang lumabag  
sa napagkasunduang alituntunin.  
Marahil, inisip niyang napakapilyo ko,  
pasaway. Hindi mapakali. Istorbo.

Kagabi, binulabog kami ng mga pusang  
naglalampungan sa bubong nitong kumbento.

Nang makasalubong ko siya kanina  
sa pasilyo pangiti-ngiti siyang bumati sa akin  
ng ganito: tuk-ko, tuk-ko, tuk-ko.

V.

Hitik sa bunga  
ang mga puno ng pino.

At biglang dumating  
sa akin ang gutom  
na para bagang  
ibon o kakaibang  
hayop ako  
na maaaring  
makinabang  
sa lahat ng iyon.

Kaninang umaga, nagsisiga  
ang babaeng katiwala  
ng mga nahulog na bunga.

May kakaibang amoy

na taglay ang usok, kahoy

na kahoy, sinauna't

naririyán.

Pinatatanda ako

ngayon ng mga yugtong itong—

Pinatatandaan sa akin ang bawat

yugto sa ngayong ito.